

Bagong Balita

Kinompirma ng Ministro ng Pananalapi na Babalik ang Balanseng Budget sa 2015

Nangako ang Economic Action Plan 2014 na babalik ang balanseng budget sa 2015, at ipinapakita nito ang kahalagahan ng malakas na public finances para sa paglikha ng mga trabaho, paglago ng ekonomiya, at pagbigay ng mga pagkakataon para sa lahat ng Canadians

Pebrero 11, 2014

Ottawa, Ontario

Department of Finance

Inanunsiyo ngayong araw na ito ni Jim Flaherty, ang Ministro sa Pananalapi, ang Economic Action Plan 2014, na nagkokompirma na nasa tamang daan pa rin ang Pamahalaan patungo sa balanseng budget sa 2015, sa tulong ng mga bagong paraan na lilikha ng mga trabaho at mga pagkakataon sa 'di-matantiyang global economy.

Ang Pamahalaan ay nasa tamang daan patungo sa pagbalanse ng budget habang pinananatiling mababâ ang mga buwis at habang prinoprotektahan ang mga programa at mga serbisyo na inaasahan ng Canadians.

Bagama't walang mga bagong buwis sa mga pamilya o mga negosyo sa Canada, tinatantiya ng Economic Action Plan 2014 na ang deficit ay bababâ pa rin at magiging \$2.9 bilyon sa 2014–15, matapos isaalang-alang ang \$3 bilyon taunang adjustment para sa risk. May inaasahang surplus na \$6.4 bilyon sa 2015–16, pagkatapos ding isaalang-alang ang isang \$3 bilyong taunang adjustment para sa risk.

Mula nang sinimulan ang Economic Action Plan ng Canada noong 2009, nakamit ng Canada ang pinakamahasag na rekord sa paglikha ng trabaho at isa sa mga pinakamahasag na performance ng ekonomiya sa Group of Seven (G-7) sa panahon ng recovery.

Sa tulong nito, gumagawa ng mga hakbang ang Economic Action Plan 2014 upang pahusayin ang ekonomiya at lumikha ng mga trabaho.

Pagsuporta sa mga Trabaho at Paglago ng Ekonomiya

- Paglunsad ng Canada Job Grant at ng pinalawak na Job Matching Service upang tulungan ang Canadians na humanap ng mga trabaho.
- Paglunsad ng bagong Canada Apprentice Loan upang tulungan ang mga rehistradong apprentice sa Red Seal trades na bayaran ang gastos para sa training.
- Pag-invest upang baguhin ang on-reserve education system, sa pakikipagtulungan sa First Nations, sa pamamagitan ng *First Nations Control of First Nations Education Act*.



- Pag-invest sa mga programa upang tulungan ang mga may edad na manggagawa at mga taong may kapansanan na makahanap ng trabaho.
- Paglikha ng libu-libong mga bagong paid internship para sa kabataang Canadians na pumapasok sa job market.
- Paggawa ng malaking investment na nagkakahalaga ng \$500 milyon bilang suporta sa automotive sector, investments sa forestry at mining sectors ng Canada, at marami pang iba.
- Pagbigay ng \$1.5 bilyon sa darating na dekada para sa Canada First Research Excellence Fund para sa post-secondary research.

Pagsuporta sa mga Pamilya at mga Komunidad:

- Pagsuporta sa mga mamimili sa pamamagitan ng paghikayat sa kompetisyon at sa mas mababang presyo sa telecommunications market at pagtatag ng batas na magbabawal sa 'di-marapat na pagkakaiba ng presyo sa Estados Unidos at sa Canada.
- Pagtanggap ng nakaugaliang pay-to-pay billing.
- Pagtaas sa Adoption Expense Tax Credit upang tungang gawing mas abot-kaya para sa mga pamilya sa Canada ang umampon ng mga bata.
- Pagpalawak sa tax relief para sa health care sa pamamagitan ng 'di-pagsali sa mga propesyonal na serbisyo ng acupuncturists at naturopathic doctors sa Goods and Services Tax/Harmonized Sales Tax.
- Pagbuti ng kaligtasan ng pagkain para sa mga pamilya sa Canada, sa pamamagitan ng malaking investment na nagkakahalaga ng \$390 milyon.
- Pag-invest ng mahigit sa \$300 milyon upang mabigyan ng mas mabilis na broadband internet ang rural at Northern Canada.
- Pagprotekta sa Canadians mula sa epekto ng mga natural na kalamidad sa tulong ng \$200 milyon upang itatag ang National Disaster Mitigation Program.
- Paglikha ng bagong Search and Rescue Volunteers Tax Credit upang kilalanin ang mahalagang tungkuling ginagawa ng search at rescue volunteers na nagsasapanganib sa kanilang sarili habang pinabubuti ang kaligtasan at kapanatagan ng Canadians.
- Pagdagdag sa Funeral and Burial Program upang mabigyan ng marangal na burol at libing ang mga beterano sa kasalukuyang panahon.

Pagbalanse ng Budget:

- Pagpatuloy ng pangako ng Pamahalaan na kontrolahin ang direct program spending sa tulong ng mga proposal upang masigurado na ang pangkalahatang kabayaran sa public service na empleyado ay makatwiran at abot-kaya
- Pakikipagtulungan sa Crown corporations upang isagawa ang 50:50 na pakikibahagi sa gastos ng employee pension plan at upang itaas ang edad ng pagretiro para sa mga bagong hire.

Kasabay ng Economic Action Plan 2014, inilabas din ng Pamahalaan ang kanyang *Jobs Report: The State of the Canadian Labour Market (Ulat Tungkol sa Trabaho: Ang Katayuan ng Canadian Labour Market)*, na nag-iiksamen sa mga kamakailan-lamang na

pangyayari sa job market, sa edukasyon at skills level ng mga manggagawa sa Canada, at sa nagkukulang na skills. Binabalangkas din nito ang mga kilos na ginawa ng Pamahalaan upang suportahan ang Canadians sa pag-upgrade ng kanilang skills at paglikha ng mga mahuhusay na trabaho.

Mga Buod

- Patuloy na lumilikha ng mga trabaho ang ekonomiya ng Canada; mahigit sa 1 milyong Canadians ang nagtrabaho ngayon kaysa noong pinakamahirap na bahagi ng recessoin.
- Simula noong 2006, natamasa ng Canadians ang pinakamalakas na paglago ng per capita income sa G-7.
- Ang mga pamilya sa Canada sa lahat ng mga grupo ng kita ay nakaranas ng pagtaas na humigit-kumulang sa 10 porsiyento o mahigit pa sa kanilang tunay na after-tax, after-transfer income simula noong 2006.
- Ang Canadians sa lahat ng income level ay nagbebenepisyo mula sa tax relief na sinimulan ng Pamahalaan, at ang Canadians na may mababâ at katamtamang kita ang nakakakuha ng naaangkop na mas malaking tulong. Ang karaniwang pamilya sa Canada na binubuo ng 4 na katao ay nagbabayad ngayon ng \$3,400 na mas kaunting buwis dahil sa rekord ng tax relief ng Pamahalaan.
- Ang Canada ay isa na ngayon sa iilang mga bansa sa mundo na patuloy na nakakakuha ng triple-A credit rating, na may matatag na hinaharap, mula sa lahat ng pangunahing credit rating agencies.
- Ang pagbayad sa utang bago dumating ang global recession at ang pagkontrol sa paggastos ay nakatulong na masigurado na ang kabuuang government net debt-to-GDP (gross domestic product) ratio ng Canada ay mananatiling pinakamababâ sa alinman sa G-7 na bansa, at isa sa pinakamababâ sa mga nangunungang G-20 na bansa.

Ano ang mga Sinasabi ng Iba

“Karapat-dapat ang reputasyon ng Canada sa pananagutan nito sa pananalapi at mahusay na pamamahala nito sa pera ng taxpayers habang gumagawa ng mga mahalagang investment upang tulungan ang mga pamilya sa Canada at ang ekonomiya. Ipinapakita ng Economic Action Plan 2014 na tama ang ating ginagawa -- lumilikha tayo ng mga trabaho, pinananatili natin ang paglago ng ekonomiya, sinusupportahan natin ang mga pamilya at mga komunidad, at bumabalik tayo sa balanseng budget sa 2015. Itinatatag ng ating Plan ang mga susunod na hakbang upang panatilihin mababâ ang mga buwis habang nag-iinvest sa mga bagay na mahalaga para sa Canadians, kabilang ang pinakamahalagang asset ng ating bansa, ang ating mga mamamayan.”

—Jim Flaherty, Ministro ng Pananalapi

Mga Kaugnay na Babasahin

- *Jobs Report: The State of the Canadian Labour Market*
- Backgrounder: Ang Daan Patungo sa Pagbalanse ng Budget

- Backgrounder: Pagsuporta sa mga Pamilya at mga Komunidad
- Backgrounder: Mga Trabaho at Paglago ng Ekonomiya
- EAP 2014 Overview Video

- 30 -

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring kontakin ng media si:

Marie Prentice
Press Secretary
Office of the Minister of Finance
613-996-7861

Jack Aubry
Media Relations
Department of Finance
613-996-8080

Upang matanggap ang e-mail ukol sa lahat ng news release, mangyaring mag-register sa www.fin.gc.ca/scripts/register-eng.asp.